


KIAN

KAWASAKI
INTERNATIONAL
ASSOCIATION
NEWS

KAMUSTA KAWASAKI

Asao Music Festival

NO. 139



Balitang Kawasaki

Ang Pista ng Musika sa Asao ay gaganapin ngayong taon sa ika-12 ng Hunyo sa Asao Citizen Hall. Ito ay walang bayad at hindi na kailangang magpareserba. Sa opening day ay ipapalabas sa publiko ang konsiyerto ng ibat-ibang paaralan mula sa Asao. Ito ay mag-uumpisa sa oras ng alas 11:00 ng umaga.


Ang [chorus-lovers] group naman ay magtitipon-tipon sa ika-13 araw ng Hunyo sa oras ng ika-2:00 ng hapon. Kasunod nito ay ang pagganap ng grupong Musical Instrument-lovers kung saan ipag-diriwang ang iba't-ibang instrumentong pang-musika tulad ng OKARINA, GITARA, atbp. Sa mga nais manood, magsadya lamang sa Asao Citizen Hall, sa mga oras at araw na nabanggit.

Ang mga sumusunod ay mapapanood ng walang bayad ngunit nangangailangan ng order seating coupon (seiriken) na maaring makuha sa 2nd floor lobby ng Asao Ward Office. Ito ay ipamimigay sa alas 10:00 ng umaga ng Mayo 30, limitado sa dalawang tiket para sa isang tao.

*** Ika-20 ng Hunyo : ASAO Philharmonic Orchestra Family concert
3:00 ng hapon 「The Magic Flute」 「LAPUTA: The Castle in the Sky」 「Harry Potter」
Mga dibuho ni Mozart at iba pang sikat na artists.

*** Ika-7 ng Hulyo : The SHOWA School for Performing Arts (Musical)
5:00 ng hapon The Great Gilly Hopkins (ガラスの家族)

Rose Garden



Nitong tag-sibol (spring), Ang Ikuta Rose garden ay bukas sa publiko at mapapanood ito ng walang bayad hanggang May 30, mag-bubukas ng alas 10:00 ng umaga hanggang alas 4:30 ng hapon. Tuwing Sabado at Linggo naman ay mula alas 9:00 ng umaga hanggang alas 4:30 ng hapon. Sarado ito tuwing Lunes.


Anniversary Concert

No. 140

Balitang Kawasaki

Bilang Pag-alaala sa ika-80th taong anibersaryo ng siyudad ng Kawasaki, gaganapin ang konsiyerto sa Ika-8 ng Hunyo, Martes sa 5th floor meeting room ng Nakahara Ward Office. Ito ay ensemble concert na binubuo ng piling miyembro ng Tokyo Symphony Orchestra. (Ang Siyudad ng Kawasaki ay may "franchise contract" sa Tokyo Symphony Orchestra) Sa araw na ito, Ang magiging emcee ay si Mr. Ozawa Mikio. Siya ay nakababatang kapatid ng sikat na konduktor na si Mr. Ozawa Seiji. Mga musika ni Mozart lamang ang tatanghalin dito na sasabayan ng Flutes, Horn atbp.

Sa mga interesadong manood at makinig ay dumeretso lamang sa nasabing lugar at oras.



Ajisai(Hydrangeas)Flowers

Maraming pook/lugar sa ward kung saan matatagpuan ang Ajisai. Isa sa mga ito ang Lugar ng Nagao kung saan matatagpuan ang [MYOURAKUJI]. Magsisimula ang Ajisai Festival sa ika-20 ng Hunyo alas 10:00 ng umaga hanggang alas 3:00 ng hapon sa Myourakuji.

Sa araw na ito ay magbibigay ng halaman sa paso sa mga unang 300 kataong darating bilang pa-premyo. Gaganap din ng paligsahan ng [HAIKU] (17 bigkas ng tula, mga flower arrangement exhibition at pagtitinda ng mga gulay na ani ng mga lokal na mamamayan.


Sa mga nais magpunta sa Lugar na ito, Sumakay ng Bus sa Mukogaoka station papuntang Futako Tamagawa at bumaba sa [NAGAO] walking distance. O di kaya ay bumaba sa JR Shukugawara station at lakarin ang [Nagao no Sato meguri course].

Bukod sa Myourenji, mayroon ding Shoukeiji kung saan kilala din sa bulaklak na Ajisai. Sumakay lamang sa Odakyu line at bumababa sa Kakio, nilalakad ng may 7 minuto. Ito ay may lawak na 5300 square meters na may 3000 puno ng Ajisai.

No.141



Ward Office Concerts



Balitang Kawasaki


Ngayong Linggo ay mga impormasyon tungkol sa konsiyerto sa ward offices.

Una sa lahat ay gaganapin sa Saiwai ward office , 1st floor lobby , sa oras ng alas 12:10 hanggang 12:45 ng tanghali. Ito ay tinatawag na [ensemble brassimo] kung saan tatanghalin sa pamamagitan ng paggamit ng apat na patong ng brass.(brass quartet)

Ang susunod ay ang [Dream Concert] na gaganapin sa ika-15 ng Hulyo sa Hiyosi (goudouchousya)1st floor town hall kung saan ang Tokyo Symphony Musical group ay planong magtanghal ng indibidwal o isahan.

Kasunod nito ang impormasyon tungkol sa Miyamae Lobby concert. Ito ay gaganapin sa ika-25 ng Hunyo mula sa oras ng 12:20 ng tanghali hanggang ala-1:00 ng hapon sa Miyamae ward office 2nd floor lobby. Ito ay konsiyerto ng Piyano at Harmonika na gaganapin ni ginang Yuko YANAGAWA . Siya ay nagwagi ng pinakamataas na premyo sa Harmonica Contest ensemble sa Pandaigdigang departamento. At sa buong Hapon, isa siyang naka-line-up at tagapagwagi ng Harmonica ensemble contest. Atbp.

Huling impormasyon ay tungkol sa [Flower Concert] ng Takatsu ward office sa ika-22 ng Hunyo mula ika-12:10 ng tanghali hanggang 12:50 sa Takatsu ward office 1st lobby. Kasama rito ang pagtatanghal ng mga mag-aaral ng Senzoku gakuen ng Gitara at Bayolin . Limang piling mag-aaral ang tutugtog ng [Forbidden Game] at [Alhambra].



Issued by The Kawasaki International Association

237-1 Kizuki Gion Cho,Nakahara-Ku, Kawasaki 211-0033 Kawasaki International Center

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E -mail:kian@bremen.or.jp HP URL:<http://www.bremen.or.jp/kian/>